

Western Digital®

We.care Scholarship Program

ANG PROGRAMAMA

Itinaguyod ang Western Digital Scholarship Program noong 2018 upang tulungan ang mga mag-aaral at mga dependent ng aming mga may kakayahang manggagawa na nagpaplanong ipagpatuloy ang kanilang edukasyon sa isang apat na taong kinikilalang kolehiyo o unibersidad.

Ang programang ito ay pinapangasiwaan ng Scholarship America®, ang pinakamalaking taga-disenyo at tagapamahala ng scholarship, tulong sa tuition at iba pang mga programang pansuporta sa edukasyon sa bansa para sa mga korporasyon, foundation, asosasyon, at indibidwal. Iginagawad ang mga gantimpala nang hindi alintana ang lahi, kulay, paniniwala, relihiyon, oryentasyong sekswal, kasarian, kapansanan, o bansang pinagmulan.

PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ang mga aplikante ng Western Digital We.care Scholarship Program ay dapat -

- Legal na dependent* ng isang Western Digital na empleyado na may antas ng pagiging empleyado na 109 o mas mababa noong panahon ng deadline ng aplikasyon.

**Ang mga dependent na anak ay binibigyang kahulugan bilang mga biyolohikal na anak, anak sa una ng isa sa mag-asawa, o legal na inampong anak na nakatira sa sambahayan ng empleyado o pangunghing sinusuportahan ng empleyado.*

- Undergraduate na mag-aaral na naka-enroll (o planong mag-enroll) nang full-time sa isang kinikilalang apat na taong kolehiyo/unibersidad para sa buong paparating na taong panuruan.

MGA GANTIMPALA

Kung napili bilang isang makakatanggap nito, makakakuha ang mag-aaral ng \$2,000 hanggang \$5,000 USD na gantimpala. Tinutukoy ang halaga ng gantimpala batay sa taunang budget at bansa kung saan pumapasok sa kolehiyo ang nakatanggap ng gantimpala.

Pangangasiwaan ang programa nang ganap na sumusunod sa Patakaran ng IRS sa Kita 76-47. Hindi lalampas sa 25% ng mga kwalipikadong aplikante ang maaaring makatanggap ng gantimpala.

Hindi maaaring i-renew ang mga gantimpala, ngunit maaaring mag-apply muli ang mga mag-aaral sa programa sa bawat taon na natutugunan nila ang mga rekisito sa pagiging karapat-dapat.

Kwalipikado ang mga mag-aaral na makatanggap ng Western Digital scholarship nang pinakamarami na ang dalawang (2) beses.

Alinsunod sa Patakaran ng IRS sa Kita 76-47, ang rekisito sa pag-eempleyo ay hindi naaangkop sa mga nakaraang nakatanggap ng gantimpala. Hindi kailangang matugunan ng mga mag-aaral na napili bilang makakatanggap ng gantimpala ang rekisito ng programa sa pag-eempleyo ng magulang kung/kapag nag-apply sa programang muli sa mga susunod na taon.

Ang mga gantimpala ay para sa mga kwalipikadong gastusin na nauugnay sa edukasyon (tuition, bayarin, libro, at iba pang kinakailangang supply) lamang.

Ang mga gantimpala ay para lang sa undergraduate na pag-aaral lamang.

Mga Kinakailangang Dokumento

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon, kailangan mong i-upload ang mga sumusunod:

- Isang kasalukuyan at kumpletong transcript ng mga grado. Hindi tinatanggap ang mga pag-uulat ng grado. Dapat ipinapakita ng mga transcript ang pangalan ng mag-aaral, pangalan ng paaralan, mga grado at oras na kinredito para sa bawat kurso at termino kung kailan kinuha ang kurso.

- Upper secondary school diploma o sertipiko, kung mayroon (Mga aplikanteng nakabase sa labas ng U.S.)
- Resulta ng mga pagsusulit (Mga aplikanteng nakabase sa labas ng U.S.).
- Mga pagsasalin sa wikang Ingles para sa anumang mga dokumento na hindi nasa wikang Ingles.

Hindi kumpleto ang iyong aplikasyon hangga't naisumite nang elektroniko ang lahat ng kinakailangang dokumento.

PAGPILI NG MGA MAKAKATANGGAP

Ang mga makakatanggap ng scholarship ay pinipili batay sa akademikong pagganap, ipinapakitang kakayahang mamuno at paglahok sa mga aktibidad ng paaralan at komunidad, karanasan sa trabaho, pahayag tungkol sa mga layunin at pangarap, hindi pangkaraniwang kalagayang personal o pampamilya, o mga paghamon. Hindi isinasaalang-alang ang mga dokumento tungkol sa pangangailangang pinansyal.

Kabilang sa pang-akademikong pagtatasa ng mga aplikante ang pagsusuri ng average ng grado/marka batay sa sistema ng pagbibigay ng grado na ginagamit sa bansa ng aplikante at pagsusuri ng mga resulta ng mga pang-akademikong eksaminasyon.

Bibigyang prayoridad ang mga mag-aaral na may 3.0 na GPA sa isakalang 4.0 (o katumbas).

Isinasagawa ng Scholarship America ang pagpili ng mga makakatanggap. Kahit kailan, walang kinalaman ang sinumang opisyal o empleyado ng Silicon Valley Community Foundation o Western Digital sa pagpili. Hindi lahat ng aplikante ng programa ay mapipili bilang makakatanggap. Sumasang-ayon ang lahat ng aplikante na tatanggapin ang desisyon bilang pinal na desisyon.

NOTIPIKASYON

Aabisuhan ang lahat ng aplikante sa kalagitnaan ng Mayo.

PAGBABAYAD NG MGA SCHOLARSHIP

Pinoproseso ng Scholarship America ang mga pagbabayad sa scholarship sa ngalan ng Western Digital. Isinasagawa ang pagbabayad sa unang bahagi ng Agosto.

MAKIPAG-UGNAY SA AMIN:

Dapat ipadala ang mga tanong tungkol sa scholarship na programa sa:

Email: wecare@scholarshipamerica.org

Telepono: (507) 931-0543